# Immunotherapy para sa Kanser

*Immunotherapy for Cancer – Tagalog*

Ginagamit ng immunotherapy ang ilang bahagi ng immune system ng isang tao upang gamutin ang mga sakit gaya ng kanser. Ginagamit ito para gamutin ang ilang uri ng kanser, ngunit hindi lahat ng may kanser ay makakakuha ng immunotherapy.

## Paano gumagana ang immunotherapy?

Ginagamit ng immune system ang ilang organo at selula ng katawan upang matulungang maprotektahan ang isang tao laban sa mga sakit at iba pang mga karamdakan, kabilang ang ilang kanser. Ang iba't ibang uri ng immunotherapy ay gumagana isa iba't ibang paraan upang makatulong sa paghanap at pagsira sa mga selula ng kanser.

Ang ilang gamot sa immunotherapy ay nakakatulong sa immune system na magsumikap upang mahanap nito ang mga selula ng kanser at mapigilan ang mga ito sa paglaki at pagkalat. Ang ibang mga uri ay maaaring baguhin kung paano gumagana ang immune system upang maatake nito ang mga selula ng kanser nang mas mabuti.

Ang immunotherapy ay maaaring maging natatanging paggamot na kailangan para sa ilang kanser. O, paminsan-minsan, maaari itong ibigay kasama ang iba pang paggamot gaya ng chemotherapy, radiation therapy, o operasyon.

## Paano ito ibinibigay?

Maraming paggamot na immunotherapy ay ibinibigay sa mga outpatient na klinika bilang bakuna o infusion sa pamamagitan ng IV line na itinuturok sa ugat. Ang ilan ay ipinapahid sa balat o direktang ibinibigay sa bahagi ng katawan kung saan natagpuan ang kanser. Ang ilang bagong paggamot na immunotherapy ay maaaring mangailangan ng pamamalagi sa ospital. Ang iba ay ipinaiinom bilang tableta o capsule at maaaring inumin sa bahay.

## Gaano katagal ang paggamot at gaano kadalat itong ibinibigay?

Dahil naiiba ang paggamot sa bawat indibidwal, maaari ring mag-iba ang dalas at tagal nito. Ang paggamot ay maaaring ibigay kada araw ng ilang araw o maaaring ibigay ng isang beses kada linggo o isang beses kada buwan. Ang ilang uri ng immunotherapy ay ibinibigay ng ilang panahon, kasunod ng panahon ng pahinga nang sa gayon ay gumaling ang gatawan mula sa mga side effect bago ang susunod na paggamot.

## Mga side effect ng immunotherapy

Dahil ang mga side effect ay depende sa gamot na ibinibigay, hindi lahat ng nakakakuha ng immunotherapy ay makakaranas ng parehong side effect.

Ang ilang uri ng immunotherapy ay maaaring magdulot ng mga malubha o napakalubhang side effect.

Kabilang sa mga karaniwang side effect ang:

- Mga problema sa balat gaya ng pamamantal at pangangati
- Mga sintomas na kagaya ng sa trangkaso
- Mga problema sa tiyan gaya ng pagtatae

## Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor at health care team:

- Anong uri ng immunotherapy ang makukuha ko?
- Gaano kadalas kong makukuha ang paggamot?
- Gaano katagal ito ang aking paggamot?
- Saan ako pupunta para magpagamot?
- Maaari ba akong magmaneho nang mag-isa papunta sa pagamutan?
- Babayaran ba ng insurance ang aking paggamot? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Makakapasok ba ako sa trabaho at magagawa ang aking mga karaniwang gawain sa panahon ng paggamot?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang pag-inom sa iba ko pang mga gamot at supplement sa panahon ng paggamot?
- Kakailanganin ko ba ng iba pang uri ng paggamot?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor o nurse?

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/immunotherapy**. Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080807

BBB ACCREDITED CHARITY bbb.org/charity